

## A Kautusan at pananampalataya. Roma 3:31.

- ❖ Katulad ng ipinapaliwanag ng Roma 3:31, ang pananampalataya at kautusan ay hindi kapwa eksklusibo. Ang pananampalataya ay nagpapatibay sa kautusan.
- ❖ **Ang pananampalataya ni Abraham. Roma 4:1-5.**
  - Si Abraham ay tumanggap ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan ng mga gawa. Siya pa rin ay isang hindi-tuling Hentil nang siya ay iniligtas (sapagka't ang bansang Israel ay wala pa sa panahong iyon).
  - Iyon ay sumasalungat sa kanilang nag-iisip na ang mga Kristiyano ay kinakailangang maging mga Hudyo upang maligtas.
- ❖ **Ang pananampalataya ni David. Roma 4:6-8.**
  - Paano si David makalalaya mula sa kaniyang kasalanan?
  - Kung inisip niya na siya ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa, kaniya sanang pinahirapan ng matindi ang kaniyang sarili. Siguro magagawa niyang maglakbay sa mga banal na lugar ng maraming beses o magsakripisyo ng libo-libong mga hayop.
  - Alam niyang tanging ang Diyos lamang ang makapagpapatawad sa kaniya sa pamamagitan ng biyaya lamang.

## B Ang tungkulin ng kautusan.

- ❖ **Ang kautusan at ang pangako. Roma 4:9-17.**
  - Ang pangako ng kaligtasan na natanggap ni Abraham ay bago pa ang kautusan, kaya naman siya ay maaaring maligtas sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Ang kautusan ay hindi sangkot sa kaniyang kaligtasan.
- ❖ **Ang kautusan at kaligtasan. Galacia 3:21-23.**
  - Ang mga hindi Kristiyanong relihiyon ay nagtuturo na tayo ay magkakaroon ng walang-hanggang buhay sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay (Pagpunta sa mga *pilgrimage*, meditasyon, pagsasakripisyo ng isang sarili...)
  - Ang relihiyong Hudyo ay yumakap sa ideya na ang kaligtasan ay darating sa pamamagitan ng istriktong pagtupad sa kautusan.
  - Kahit na ang Kristiyanong Iglesia ay sumunod sa pagkakamaling ito. Ngunit si Luther at ang iba pang mga Repormador ay nagdala ng matandang katotohanan pabalik:  
✓ *tayo ay iniligtas sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.*
  - Ang kautusan ay makapagbabawal lamang sa atin. Ito ay hindi makapagliligtas sa atin kailanman.
- ❖ **Kautusan at kasalanan. Roma 3:20.**
  - Ang kautusan ay hindi tumupad sa pangako at ito ay hindi makapagliligtas sa atin. Kung gayon ano ang layunin nito?
  - Ito ay nagpapakita sa atin kung ano ang dapat nating gawin at itigil na gawin upang maiwasan ang magkasala sa Diyos. Atin ba'ng mapupuksa ang kasalanan sa pamamagitan ng pag-alis sa kautusan?
  - Sa kasong iyon, si Cristo ay hindi na sana namatay para sa ating mga kasalanan. Kung ang kautusan ay maari sanang mapawi, sa gayon walang sakripisyo ang tunay na kailangan.
  - Ang hindi pagpansin sa kautusan ay hindi gagawa sa pagpatay o pagsisinungaling upang tawagin kailanman na hindi kasalanan.
  - Ang kautusan ay ang deklarasyon ng kalooban ng Diyos na nagmumula sa Kaniyang karakter. Samakatuwid, ito ay hindi maaaring baguhin o alisin.